HeartKids



# Sakit sa Puso mula Pagkabata: Ang Mga Katotohanan

**Impormasyon at mahahalagang katotohanan tungkol sa sakit sa puso mula pagkabata.**

## Ano ang sakit sa puso mula pagkabata?

Ang Sakit sa Puso mula Pagkabata (Childhood heart disease – CHD) ay Karaniwang tawag sa hanay ng mga kalagayan na nakakaapekto sa pagtatrabaho ng puso.

Ang mga depekto sa puso na ito ay maaaring congenital o nakuha sa pagkabata. Ang ibig sabihin ng congenital ay naroroon na ito mula kapanganakan. Ang acquired ay nangangahulugan na ito ay nakuha sa dulo ng pagkabata.



**8 MGA SANGGOL** ANG IPINAPANGANAK BAWAT ARAW SA AUSTRALYA NA MAY **CONGENITAL NA SAKIT SA PUSO.**[1]

Ang mga congenital na depekto ng puso ang pinaka-karaniwang uri ng depekto sa kapanganakan (birth defect). 1 sa 100 sanggol ay ipinanganak na may depekto sa puso. [1]

Ang Sakit sa Puso mula Pagkabata ay natatangi sa iba pang mga uri ng sakit sa puso dahil ito ay isang panghabambuhay na karamdaman.

Walang lunas para sa Sakit sa Puso mula Pagkabata, ngunit ang mga opsyon sa paggamot ay bumubuti. Karamihan sa mga batang may mga problema sa puso ay nagpatuloy sa pagkakaroon ng mahaba at normal na buhay.


**95%**
**ng mga batang ipinanganak na may congenital na sakit sa puso ay mabubuhay hanggang mag-hustong gulang.**[4]

**Sa ngayon, mayroong mahigit 65,000 mga bata at mga nasa hustong gulang sa Australya ang nabubuhay na may Sakit sa Puso mula Pagkabata.**[2]

# Paano nagtatrabaho ang puso?

Ang puso ay isang kalamnan. Ang trabaho nito ay magbulwak ng dugo sa buong katawan. Ang dugo ay naghahatid ng oksiheno at mga sustansya na kailangan ng mga organo ng katawan upang manatiling malusog at magtrabaho nang maayos.

Ang puso ay nahahati sa apat na kamara, dalawa sa kanan at dalawa sa kaliwa.




Sanggunian: Ang Royal Children's Hospital Melbourne

Sa bawat pagtibok ng puso, ang puso ay nagpapadala ng dugo sa buong katawan.

Upang gawin ito, ang kaliwa at kanang bahagi ng puso ay nagsasagawa ng iba't ibang mga gawain:

- Ang kanang bahagi (kulay asul sa dayagram) ay tumatanggap ng dugong may kakaunting oksiheno mula sa katawan at ibinubulwak ito sa mga baga kung saan ito kumukuha ng oksiheno
- Ang kaliwang bahagi (kulay pula) ay tumatanggap ng dugong mayaman sa oksiheno mula sa mga baga at ibinubulwak ito sa buong katawan

Matapos maihatid ang oksiheno, babalik ang dugo sa puso at magsisimulang muli ang pag-ikot (cycle) ng dugo.

# Ano ang congenital na depekto sa puso?

Ang congenital ay nangangahulugan na ang depekto sa puso ay naroroon na sa kapanganakan. Ang mga congenital na depekto ay nangyayari kapag ang puso ng isang bata ay hindi umunlad nang maayos sa panahon ng pagbubuntis. Mayroong iba't ibang uri ng mga depekto at bawat isa ay maaaring mayroong iba't ibang epekto.

Ang mga pangunahing kategorya ng mga depekto ay:

- Ang mga butas sa puso ay hinahayaang maghalo ang dugong kakaunti ang oksiheno at ang dugong mayaman sa oksiheno. Ito ay maaaring mangahulugan na hindi sapat ang oksiheno na inihahatid sa katawan.
  Mga halimbawa: **Atrial septal defect, ventricular septal defect, atrioventricular septal defect**
- Nahaharang ang daloy ng dugo kapag ang mga daluyan ng dugo o mga balbula ng puso ay mas makitid kaysa sa isang normal na puso. Nangangahulugan ito na ang puso ay dapat magtrabaho nang labis upang makapagbulwak ng dugo sa buong katawan.
  Mga halimbawa: **Pulmonary stenosis, aortic stenosis**
- Ang mga abnormal na daluyan ng dugo ay nangyayari kapag ang mga daluyan ng dugo ay hindi nabuo nang tama, o ang mga ito ay nabuo sa mga maling posisyon. Naaapektuhan nito ang pagdaloy ng dugong mayaman sa oksiheno sa ibang bahagi ng katawan.
  Mga halimbawa: **Paglipat (transposition) ng mga malalaking daluyan ng dugo, paninikip (coarctation) ng aorta**
- Ang mga abnormalidad sa balbula ng puso ay nangyayari kapag ang mga balbula ng puso ay hindi nagbubukas at nagsasara nang maayos. Ginagawa nitong mas mahirap para sa puso na maghatid ng sapat na dugong mayaman sa oksiheno sa katawan.
  Mga halimbawa: **Pulmonary atresia**
- Ang pusong hindi nabuo nang husto ay nangyayari kapag ang isang malaking bahagi ng puso ng bata ay hindi nabuo nang maayos sa pagbubuntis.
  Mga halimbawa: **Hypoplastic left heart syndrome**
- Ang magkakahalong mga depekto ay maaaring mangyari kapag ang isang sanggol ay ipinanganak na may higit sa isang depekto.
  Mga halimbawa: **Tetralogy of Fallot**

# Ano ang sanhi ng congenital na sakit sa puso?

**Sa humigit-kumulang 80% ng mga kaso ng congenital na sakit sa puso, hindi pa nalalaman ang sanhi.[3]**

Ang ilan sa mga kilalang sanhi at mga salik ng panganib ay namamana (genetics), isang sakit habang nagbubuntis at iba pang mga salik na may kinalaman sa kalusugan ng ina habang nagbubuntis.

# Paano ginagamot ang congenital na sakit sa puso?

Ang ilang mga congenital na sakit sa puso ay banayad lang at hindi kailangang gamutin. Ang ilan ay maaaring masalimuot at maaaring mangailangan ng maraming operasyon sa loob ng ilang mga taon.

**95% ng mga batang ipinanganak na may congenital na sakit sa puso ay mabubuhay hanggang mag-hustong gulang.[4]**

Sa ngayon, mas marami ang mga nasa hustong gulang kaysa sa mga bata na nabubuhay na may congenital na sakit sa puso sa Australya.

Higit sa **kalahati** ng lahat ng mga bata na may congenital na sakit sa puso ay **mangangailangan ng operasyon o catheter-based na paggamot** sa ilang yugto ng kanilang buhay.[5]

# Ano ang acquired na sakit sa puso?

Ang acquired na sakit sa puso ay isang problema na nangyayari pagkaraang maipanganak (ang sanggol). Ang ilang mga bata ay magkakaroon ng depekto sa puso dahil sa isang sakit o impeksyon sa pagkabata.

Ang dalawang pangunahing uri ng acquired na sakit sa puso sa mga bata ay:

**Rheumatic na sakit sa puso** na nangyayari kapag may pinsala sa mga balbula ng puso na dulot ng isa o higit pang mga pangyayari ng Matinding Rayumatikong Lagnat (Acute Rheumatic Fever – ARF). Kung hindi ginamot ang rheumatic fever, maaari itong humantong sa permanenteng pinsala sa puso. Walang gamot para sa rheumatic na sakit sa puso, ngunit ang impeksyon na sanhi nito ay maiiwasan. Kabilang sa mga salik ng panganib ang kahirapan, pagsisiksikan at binawasang access sa pangangalagang medikal. Sa Australya, pinaka-karaniwang naaapektuhan ng RHD ang mga komunidad ng Aboriginal at Torres Strait Islander.



**94% ng Acute Rheumatic Fever na iniulat sa Australya ay kinabibilangan ng mga Aboriginal at Torres Strait Islander.[6]**

**Ang sakit na Kawasaki** ay nagdudulot ng pamamaga ng mga daluyan ng dugo, kabilang ang mga patungo sa puso. Kadalasang naaapektuhan nito ang mga batang wala pang limang taon. Ang sanhi ng sakit na Kawasaki ay hindi pa nalalaman. Iniisip ng ilang mananaliksik na ang sanhi nito ay ang di-normal na tugon ng immune system sa isang karaniwang mikrobyo. Karamihan sa mga bata na nadiyagnos at nagamot nang maaga ay ganap na gumagaling at hindi magkakaroon ng pinsala sa puso. Hanggang 10% ng mga batang may sakit na Kawasaki ay magkakaroon ng patuloy na mga problema sa puso.[7]

**Ang iba pang mga sakit** na maaaring humantong sa acquired na sakit sa puso ng mga bata ay kinabibilangan ng myocarditis (pamamaga ng kalamnan sa puso) at cardiomyopathy (sakit sa kalamnan ng puso). Ang mga bata ay maaari ring ipanganak na mayroon o magkakaroon (acquire) ng heart arrhythmia, na isang di-normal na ritmo ng puso.

# Mga sanggunian

[1] VAN DER LINDE, D., KONINGS, E., SLAGER, M., WITSENBURG, M., HELBING, W., TAKKENBERG, and J. J. & ROOS-HESSELINK (2011). "Birth prevalence of congenital heart disease world-wide: a systematic review and meta-analysis." Journal of the American College of Cardiology. 58: 2241-2247.

[2] CELERMAJER, D., STRANGE, G., CORDINA, R., SELBIE, L., SHOLLER, G., WINLAW, D., ALPHONSO, N., JUSTO, R., NICHOLAE, M., KASPARIAN, N., WEINTRAUB, R. G., CHEUNG, M., GRIGG, L. E., BRIZARD, C. P., WHEATON, G., DISNEY, P., STEWART, S., BULLOCK, A., RAMSAY, J., GENTLES, T. & D'UDEKEM, Y. (2016). "Congenital Heart Disease Requires a Lifetime Continuum of Care: A call for a Regional Registry." Heart, Lung and Circulation. 25(8): 750-754.

[3] BLUE, G. M., KIRK, E. P., SHOLLER, G. P., HARVEY, R. P. & WINLAW, D. S. (2012). "Winlaw DS. Congenital heart disease: current knowledge about causes and inheritance." The Medical Journal of Australia 197: 155- 159.

[4] LE GLOAN, L., MERCIER, L., DORE, A., MARCOTTE, F., IBRAHIM, R., MONGEON, F., ASGAR, A., MIRO, J., POIRIER, N. & KHAIRY, P. (2011). "Recent advances in adult congenital heart disease." Circulation 75: 2287-2295.

[5] AUSTRALIAN INSTITUTE OF HEALTH AND WELFARE (2019). "Congenital heart disease in Australia". Accessed March 2021. Available: Online

[6] RHD Australia (2018). "Fast Facts." Accessed March 2021. Available: Online

[7] THE ROYAL CHILDREN'S HOSPITAL MELBOURNE (2018). "Kawasaki disease". Accessed March 2021. Available: Online


Ang papel-kaalamang ito ay sinuri at naisapanahon ng HeartKids noong Marso 2021. Inendorso ito ng aming Pangklinikang Lupon ng Tagapayo (Clinical Advisory Committee) sa panahon ng paglathala. Maaaring magbago ang pangklinikang impormasyon pagkatapos ng petsang ito. Ang impormasyon sa papel-kaalaman na ito ay pangkalahatan. Hindi ito panghalili sa isang medikal na payo mula sa iyong doktor. Palaging makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa mga bagay na nakakaapekto sa iyong kalusugan.

Photo by Kelly Sikkema on Unsplash

## Saan makakahanap ng higit pang impormasyon at suporta

### HeartKids

heartkids.org.au

Matutunan ang higit pa tungkol sa sakit sa puso mula Pagkabata at ang suportang maiaalok sa iyo ng HeartKids.

1800 432 785

Tawagan ang HeartKids Helpline para sa suporta, payo at gabay.

@HeartKidsAustralia

@HeartKids

### RHDAustralia

rhdaustralia.org.au

### KD Foundation

kdfoundation.org.au